

SABIHIN MO  
NA

*Mahal Ko Sila*

PAGTANGGAP SA PAGPAPAHAYAG  
NG  
*Pag-ibig* NG *Panginoon* PARA SA IYO

JOYCE MEYER

#1 NEW YORK TIMES BESTSELLING AUTHOR



SABIHIN MO  
NA

*Mahal Ko Sila*





SABIHIN MO  
NA

*Mahal Ko Sila*

PAGTANGGAP SA PAGPAPAHAYAG  
NG

*Pag-ibig* NG *Panginoon* PARA SA IYO

JOYCE MEYER



NEW YORK BOSTON NASHVILLE

Karapatang Pagmamay-ari 2003, 2007 Joyce Meyer

Lahat ng mga karapatan. Alinsunod sa U.S/ Copyright Act of 1976, ang pag-*scan*, pag-*upload*, at *electronic* na pamamahagi ng alinmang bahagi ng aklat na ito ng walang pahintulot ng tagapag-lathala ay labag sa batas, at pagnanakaw ng ari-ariang pangkaisipan. Kung nais gamitin ang alinmang nilalaman ng aklat na ito (maliban sa layuning pagsusuri), kinakailangan muna ang nakasulat na pahintulot mula sa tagapag-lathala. Kontakin ang [permission@hbgusa.com](mailto:permission@hbgusa.com). Salamat sa inyong pagsuporta sa karapatan ng may-akda ng aklat na ito.

Maliban kung isinasaad, lahat ng Kasulatan ay hinango mula sa The Amplified Bible (AMP) Copyright 1954, 1962, 1965, 1987 ng Lockman Foundation. Ginamit ng may pahintulot.

Ang mga Kasulatang may markang NKJV ay hinango sa aklat ng New King James Version. Copyright 1979, 1980, 1982 ng Thomas Nelson, Inc.

Ang mga Kasulatang may markang KJV ay hinango sa King James Version ng Bibliya.

FaithWords  
Hachette Book Group  
237 Park Avenue  
New York, NY 10017

[www.faithwords.com](http://www.faithwords.com)

Printed in the United States of America

First Edition: February 2003  
Reissued: October 2007  
14 13 12 11 10

Faithwords is a division of Hachette Book Group, Inc.  
The FaithWords name and logo are trademarks of  
Hachette Book Group, Inc.

The Hachette Speakers Bureau provide a wide range of authors for speaking events. To find out more, go to [www.hachettespeakersbureau.com](http://www.hachettespeakersbureau.com) or call (866) 376-6591

The publisher is not responsible for websites (or their content) that are not owned by the publisher.

ISBN 978-0-446-69205-2  
LCCN 2002115636

## **MGA NILALAMAN**



Panimula

1. Mahal Ka ng Diyos
2. Sapat Na Bang Ako'y Mabuti?
3. Ang Pag-ibig ay Pakikipagrelasyon
4. Pag-ibig, Pagtitiwala at Pananampalataya
5. Kalayaan Mula Sa Takot
6. Ang Pag-ibig ay Umaabot
7. Babaguhin ka ng Pag-ibig ng Diyos

Tanggapin/Danasin Mo Ang Bagong Buhay





## **PANIMULA**



Ang pag-ibig ng Dios ang pinakamahalagang kapahayagan na dapat malaman ng tao. Ito ang matibay na pundasyon ng isang mananagumpay na Kristiyano. Di mahalaga ang “head knowledge” tungkol sa pag-ibig ng Dios; ang pag-ibig na ito’y nararanasan natin sa ating puso. Tanging ang Banal na Espiritu ang nakapagbibigay nito, at mapapasaatin lamang sa pamamagitan ng pag-aaral at pagbubulay ng Kanyang Salita, sa mga pagkilos Niya sa buhay natin, at sa pananalangin.

Isinugo ng Diyos ang bugtong Niyang anak na si Hesus upang mamatay at tubusin sa kasalanan ang sanlibutan. Ganun kadakila ang pag-ibig ng Diyos para ipadala si Hesus at mamatay para sa iyo.

Pagkaraan ng mahabang panahon ng kabiguan sa aking pagiging Kristiyano, ngayon ko lamang lubos na naunawaan ang pag-ibig ng Diyos. Sa biyaya ng Banal na Espiritu naranasan ko ang Kanyang dalisay na pag-ibig sa personal na kaparaanan. Ito ang nagpabago ng aking pananaw bilang anak Niya, at naging gabay ko rin sa pamumuhay bilang mananampalataya.

# *Panimula*

---

Dalangin ko na ang aklat na ito ay magdulot sa inyo ng bagong pananaw at pagkaunawa tungkol sa pag-ibig ng Diyos. Basahin ninyo at pagbulayang mabuti ang nilalaman nito na maaaring maging gabay ninyo sa pag-aaral ng Kanyang Salita.

Anumang kapahayagan at kaalamang mayroon ako ngayon ay tanging sa Kanyang biyaya lamang.

SABIHIN MO  
NA

*Mahal Ko Sila*





# 1



## **MAHAL KA NG DIYOS!**

*Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" Juan 3:16 (Magandang Balita Bibliya).*

Nais ng Diyos ng isang pamilya, kaya't nilalang Niya tayo para maging anak Niya. Nais Niyang umasa tayo sa Kanya, mahal in Siya at mahal in din Niya tayo. Nais Niyang magtiwala tayo at lumapit sa Kanya sa lahat ng oras lalo na sa panahon ng pangangailangan. Nais Niyang magkaroon tayo ng personal na relasyon sa Kanya.

Marami sa atin ang may malawak na kaisipan tungkol sa Juan 3:16 na "si Hesus ay namatay para sa sanlibutan" ngunit ang salitang "sanlibutan" ay hindi lamang isang malaking pulutong ng mga taong pinagbuwisan ng buhay ng Panginoong Hesus. Siya ay namatay para sa iyo at para sa akin!

Kung ikaw na lamang ang nag-iisang tao sa mundo, gagawin pa rin Niyang mamatay para sa iyo! Pagdaraan pa rin Niya ang lahat ng uri ng pasakit at paghihirap na Kanyang tiniis para sa iyo. Ganoon ka Niya kamahal! Walang hanggan ang pag-ibig Niya! (Jeremias 313).

Minsan habang ako'y naglalakbay, sinabi ng Diyos sa akin, "Joyce, natatangi ka sa Akin." Dagling bumulong ang kaaway sa akin, "Hindi ba isang malaking kayabangan yan? Sino ka ba sa akala mo?" Kaya't naisip ko, *Hindi dapat maglaro ang ganito sa aking isipan.*

Tayo'y kakaibang nilalang na may natatanging kaloob, talento at abilidad. Nais ng Diyos ang pagkakaiba-iba at hindi tayo dapat mangamba kung hindi tayo katulad ng iba.

Habang iniisip ko yung ibinulong ng Diyos sa aking puso. Inilarawan ko sa isip ang isang babaeng nakatayo sa harap ng estante ng mga panindang mansanas sa loob ng supermarket. Sa kanyang pagmamasid, inabot niya ang isang mansanas na inaakalang pinakamainam. Noon ko naunawaan ang mensahe ng Diyos na ako ang pinakamainam – ang espesyal sa Kanyang paningin.

Ganunpaman, hindi ko binigyang pansin ang mensahe ng Diyos sa akin. Sa pakiramdam ko'y di ako karapat-dapat na mag-isip ng magandang bagay tungkol sa akin. Makaraan ang dalawang araw, binuksan ko ang aking Bibliya sa *Awit 17:8* at ito ang tumambad sa aking paningin: "*Ako'y bantayan Mo, ang paborito Mong anak, at palagi Mong ingatan sa lilim ng Iyong pakpak.*"

Ako'y napapalakpak, “ Oo nga! Siya nga ang Diyos na nagsabing ‘Minamahal kita’ Dama ko ang pagiging espesyal tuwing naiisip ko ang bagay na iyon. Alam mo bang nais ng Diyos na madama mo rin ang pagiging mahalaga, espesyal at itinatangi Niya?

Normal na maging sabik tayo sa pagmamahal. Sadyang ginawa tayo ng Diyos na ganyan. Maraming naniniwalang mahal ng Diyos ang sangkatauhan at mahal din Niya si Hesus, pero di nila lubos na mapaniwalaang sila mismo ay personal na minamahal ng Diyos! Ito'y pinatotohanan ng Kanyang Banal na Salita, “*Sapagkat minamahal ng Ama ang Anak at ipinapakita sa Anak ang lahat ng ginagawa Niya at higit pa sa mga ito ang mga gawang ipapakita sa Kanya ng Ama upang kayo'y mamangha*” (Juan 5:20). Nais ng Diyos na mamangha tayo sa mga kahanga-hangang gawa Niya para sa ating kaluguran.

Madalas, di natin napapahalagahan ang mga bagay na nais gawin ng Diyos sa atin at sa pamamagitan natin. Nais Niyang makita natin ang mahahalagang ginawa Niya sa pamamagitan ng Panginoong Hesus, at maniwala rin tayo sa kalooban Niyang gumawa ng higit pang mahahalagang bagay sa pamamagitan natin. “*Pakatandaan ninyo: ang nananalig sa Akin ay makagagawa ng mga ginagawa Ko, at higit pa kaysa rito, sapagkat babalik na ako sa Ama*” (Juan 14:12).

Sumisikat ang araw tuwing umaga at ito'y sumisikat para sa iyo at sa akin. Namumulaklak ang mga halaman para sa ating kasiyahan! Napakaganda ng daigdig na nilikha ng Diyos para sa atin at ito'y kasiyasiya! Dito tayo nananahan. Sinasabi sa Genesis 1 na binigyan ng Diyos ang tao ng kapangyarihang pagyamanin ang mundo at lahat ng bagay na naririto, at gamitin ang mga ito para sa Kanyang kaluwalhatian at sa ikabubuti ng sangkatauhan.

Sabi sa *Deutoronomio 7:9*, “*Alalahanin ninyo na si Yahweh ay Diyos na hindi marunong sumira sa pangako. Tapat Siya sa lahat ng umiibig at sumusunod sa Kanya at ipinadarama Niya ang Kanyang pagmamahal hanggang sa ikaisanlibong salinlahi*”

Walang kondisyon at walang hanggan ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Marami sa atin ang nag-aakala na napapagod na ang Diyos sa napakaraming pagkukulang at pagkakamaling nagagawa natin. Ngunit di tayo dapat mag-isip ng ganun. Di natin mapipigilan ang Diyos na mahal in tayo! Ang pag-ibig na iyan ay hindi isang bagay na ginagawa ng Diyos kundi Siya mismo ay pag-ibig!

Kung inaakala mong ikaw na ang pinakamasamang tao para ibigin ng Diyos, nagkakamali ka. Walang malalim na bangin na di kayang abutin ng Diyos para iahon ka. Meron Siyang plano para baguhin ka. “*Hindi lang Niya patatawarin ang mga kasalanan natin kung buong pusong pagsisisihan ito, kundi lilimutin pa Niya ito . Kung gaano kalayo ang silangan sa kanluran, gayon din Niya inalis sa atin ang ating mga kasalanan*” (*Awit 103:10-14*).

Maaaring masabi mong “Tinanggap ko na si Hesus sa aking puso, at minamahal ko Siya.” Ang tanong ko ay ito, gaano ang paniniwala mo na ikaw ay mahal ng Diyos?

Simple lamang ang mensahe ng walang hanggan at walang kondisyong pag-ibig ng Diyos at ito rin ang pundasyong nais Niyang isabuhay natin. Sa ganang akin, ito ang simula ng kagalingan ng ating buhay espirituwal.



Gaano man ang pagsisikap mong matutunan ang mga bagay patungkol sa Diyos, kung di mo naman paniniwalaan ang katotohanang minamahal ka Niya nang lubos, hindi magiging matagumpay ang paghakbang mo bilang Kristiyano. Tumatanggap tayo sa Diyos nang may pananampalataya, ngunit ang mahalaga'y ang pananampalatayang nakikita sa gawang udyok ng pag-ibig (Galacia 5:6) Kaya nga di natin matatamo ang Kanyang mga biyaya kung di natin tatanggapin ang Kanyang pag-ibig.

Ang pag-ibig din ng Diyos ang nagbibigay sa atin ng kakayahang mamuhay nang walang pagkatakot (1 Juan 4:18). Ito'y mahalagang sangkap para sa masayang pamumuhay, at upang maganap ang plano ng Diyos sa buhay natin. Tatanggapin mo ba ang pag-ibig na iniaalok Niya? Hindi ito nababayaran ng salapi, at hindi rin puwedeng palitan ng ating mabubuting gawa. Ang tanging gagawin mo lamang ay tanggapin ito.

## 2



### **SAPAT BANG AKO’Y MABUTI?**

*“Hindi tayo nabibigo sa ating pag-asa, sapagkat ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ipinagkaloob sa atin.*

*Sapagkat noong tayo’y mahihina pa, namatay si Kristo sa takdang panahon para sa mga makasalanan. Mahirap ialay ng kahit sino man ang kanyang buhay alang-alang sa isang taong matuwid – bagama’t maaaring may mangahas na gumawa nito alang-alang sa isang mabuting tao. Ngunit ipinadama ng Diyos ang Kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Kristo para sa atin noong tayo’y makasalanan pa. At ngayong napawalang sala na tayo sa pamamagitan ng Kanyang dugo, lalo nang tiyak na maliligtas tayo sa poot ng Diyos sa pamamagitan Niya. Dati tayo’y mga kaaway ng Diyos, ngunit ngayon, tinatanggap na Niya tayong mga kaibigan alang-alang sa pagkamatay ng Kanyang Anak.*

Maraming nagsasabi na mahal lamang tayo ng Diyos kung di tayo nakagagawa ng kamalian. May mga taong di tanggap ang kanilang sarili, kaya sa tingin nila hindi sila papasa sa pamantayan ng Diyos. Nguni’t sinasabi ng Bibliya, “Ano nga ang tao upang ‘yong alalahanin? Ay ano nga siya na sukat Mong kalingain?” (Awit 8:4). Tayo’y nilikha ng Diyos. Siya ay pag-ibig (1 Juan 4:16). Iniibig Niya tayo sapagkat iyon ang nais Niya!

Mahal ka ng Diyos at natatangi ka sa Kanya. Wala kang katulad! Hindi ka maaaring katulad ko, at ako'y di maaaring maging katulad mo. Magiging kaawa-awa ang buhay mo kung lagi mong ikukumpara ang sarili sa iba at makikipagpaligsahan sa kanila. Binibigyan mo lamang ng puwang ang kaaway para ipamukha sa iyo na wala kang halaga. Pakatandaan mo ito: sapat na ang ginawa ng Panginoong Hesus para sa iyo. Binayaran na Niya ang kasalanan mo at inako ang kaparusahang dapat na ikaw ang nagdusa.

Ganito ang sinasabi sa *Roma 5:8-9*, “*Ngunit ipinadama ng Diyos ang Kanyang pag-ibig nang mamatay si Kristo para sa atin noong tayo’y makasalanan pa. At ngayong napawalang-sala na tayo sa pamamagitan ng Kanyang dugo, tiyak na maliligtas tayo sa poot ng Diyos sa pamamagitan Niya.*” Hindi nagmamaliw ang pag-ibig ng Diyos sa iyo at sa akin.

Narito ang simpleng larawan ng isang batang edad tatlo o apat na taon. Habang pinanonood niya ang kanyang inang abala sa mga gawaing bahay, kumuha rin siya ng isang timbang tubig at kapisasong basahan at sinimulang punasan ang bintana. Bagamat lalong kumalat ang dumi sa mga bintanang pinunasan niya, buong pagmamalaking ipinakita niya sa kanyang nanay ang kanyang ginawa. Aniya, “Nanay, nanay, mahal na mahal kita kaya tinulungan kitang maglinis ng mga bintana!”

Tugon ng mapagmahal na ina, “Ang galing naman ng anak ko! Salamat sa tulong mo, anak!” Nang abala na ang bata sa paglalaro, nilinis ng ina ang bintana. Pagkaraan ay tinawag ang anak at hinikayat na sa susunod ay magpatulong ito at magpaturo ng tamang paraan ng paglilinis.

Ito ang ginagawa ng Diyos para sa atin. *“Sa lahat ng bagay, ang Diyos ay gumagawang kasama ang mga nagmamahal sa Kanya, ang mga tinawag ayon sa Kanyang panukala, sa kanilang ikabubuti” (Roma 8:28).*

Kung ginagawa mo ang pinakamainam ayon sa iyong kakayahan, ito ang inaasahan ng Diyos mula sa iyo. Tutulungan ka Niyang tumaas ang antas ng iyong kaalaman kung patuloy mo Siyang hahanapin.

Babaguhin ka Niya ayon sa Kanyang larawan hanggang sa ikaw ay tunay na magningning (2 Cor. 3:18).

*“Sapagkat ang isinugo ng Diyos ay nagpahayag ng mga Salita ng Diyos, at walang sukat ang Kanyang pagkakaloob ng Espiritu Santo. Minamahal ng Ama ang Anak, at ibinigay sa Kanya ang kapamahalaan ng lahat ng bagay. (Juan 3:34-35).*

Habang pinag-aaralan ko ang talatang ito, lubos akong nagalak nang mapagtanto kong hindi sinusukat ng Diyos ang pagkakaloob Niya ng Espiritu Santo sa Kanyang mga anak at di Siya nagbibigay ng paunti-unti. *Siya’y Diyos na mapagbigay at may kakayahang gumawa nang higit kaysa sa lahat ng maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihang naghahari sa atin (Epeso 3:20).*

Sa Deutoronomio 7:6-7, sinabi ng Diyos, *“Kayo ay bansang nakatalaga kay Yahweh. Hinirang Niya kayo sa lahat ng bansa upang maging Kanya. Pinili Niya kayo at inibig hindi dahil sa dami, pagkat kayo pa nga ang pinakakaunti sa lahat.”*

Ito’y isang bagay na dapat ninyong ipagsaya. Sinabi ng Diyos, *“Inibig Ko kayo, Kayong mga pinaging banal. Itinatangi Ko kayo. Pinili Ko kayo hindi dahil kayo’y mabuti at kahanga-hanga kundi dahil minamahal Ko*

kayo.” Alam mo ba kung ano ang ninanais ng Diyos na gawin mo ngayon? Nais Niyang tanggapin mo ang alok Niyang pag-ibig.

Ang malaking problema ng marami sa atin ay ang kawalan ng pagtitiwala sa sarili. Di tayo naniniwalang mahal tayo ng Diyos o ng kahit sino pa man. Ang katwiran ng iba, “Paano nila ako mamahalin samantalang magulo ang buhay ko?” Kung yan ang paniniwala mo, mananatiling ganyan na lamang ang pagtingin mo sa sarili.

Nais ng Diyos na makalaya ka sa mga pag-uusig, ngunit kailangan mong manampalataya at maging matatag para lumaya. Ganito ang pilit na itanim ng kaaway sa isip mo: “Ikaw ay masama, at kailanman ay hindi ka pagpapalain ng Diyos. Hindi ka magandang patotoo sa iba. Hindi ka magagamit ng Diyos, hindi Niya tutugunin ang mga panalangin mo, at wala kang mabuting magagawa.” Ilan lamang yan sa mga bagay na itanim ng kaaway sa iyong isipan.

Ngunit ito ang panahong kailangan mong manindigan at sabihin nang buong tapang: “Ama, ako ay nagkamali. Patawarin Mo po ako Buong pusong pinagsisisihan ko ang mga nagawa kong kasalanan.”

Pagkatapos mong ideklara yan, sansalain mo ang kaaway. Sabihin mo sa kanya na tinubos ka na ni Hesus mula sa kasalanan at ikaw ay pinatawad at pinalaya na Niya. Talikuran mo na ang nakaraan at mamuhay nang may kagalakan. Magtiwala ka sa Diyos at maging pagpapala sa ibang tao.

Ngunit maaaring magkaroon ka ng ganitong kaisipan: “Paulit-ulit ko namang ginagawa ang mga pagkakamali ko sa buhay.” Ganyan din ako noon hanggang sa magdesisyon ako na di ko na uusigin ang sarili sapagkat binago na Niya ako.

Mabigat dalhin at nakapanghihina ang kasalanan at pag-uusig sa sarili hanggang sa ito'y maging dahilan para ikaw ay magapos uli sa pagkakasala. Kinakailangan ang katapangan para matanggap ang kapatawarang handog ng Diyos. Kailangan mong paganahin ang iyong pananampalataya at huwag mag *self pity*.

Mababasa natin sa Isaiah 53 ang ganito: “*Nang akuin ng Panginoong Hesus ang lahat ng mga kasalanan natin, inako din Niya ang parusang dapat tayo ang nagbata.*” Ngunit ayaw ng demonyo na makalaya ka sa kasalanan sa kadahilanang ayaw niyang maranasan mo ang pag-ibig ng Diyos. Ang kasalanan ang naghihiwalay sa iyo sa Panginoon at hindi mo mararanasan ang kagalakang hatid ng Kanyang presensiya.

Lumakad kang malaya sa kasalanan. Ang biyaya ng Diyos ay sapat upang takpan ang lahat ng mga pagkukulang mo. Mahal ka Niya. Ang biyaya at pagpapatawad Niya ay regalong handog sa iyo. Tanggapin mo yan ngayon!

# 3



## **ANG PAG-IBIG AY PAKIKIPAGRELASYON**

*“Nalalaman natin at pinananaligan ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig . Ang nagpapatuloy na umiibig ay nananatili sa Diyos, at nananatili naman sa kanya ang Diyos” (1 Juan 4:16).*

Paano mo mapananatiling buhay ang pag-ibig ng Diyos sa iyo? Gaano man ang pagmamahal Niya sa iyo kung di mo naman ito nababatid, ay wala itong kabuluhan. Pansinin mo kung ano ang iyong mararamdaman kung may isang taong nagpapakita sa iyo ng pagpapahalaga. Pag alam mong ikaw ay pinahahalagahan, nagbibigay ito ng kompiyansa sa iyong sarili. Mahal tayo ng Diyos at inaanyayahan Niya ang bawat isa sa atin sa isang malalim at personal na relasyon. Nais din Niyang kasama Siya sa lahat ng mga ginagawa natin. Nais Niyang lagi tayong nakikipag-usap sa Kanya tulad ng pakikipag-usap sa isang kaibigan.

Mayroon ka bang tunay at personal na relasyon sa Diyos? Bagamat isa kang mananampalataya, di nangangahulugang ikaw ay mayroong malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos.

Matagal na akong Kristiyano bago ako nagkaroon ng malalim na pakikipag-ugnay sa Kanya. Dumadalo ako sa mga gawain tuwing Linggo at lumahok din sa iba pang gawain, ngunit hindi Siya ang sentro ng aking buhay. Di ako nakadama ng kapuspusan kundi pawang kakulangan. Ngunit ngayon, Siya ang una sa aking buhay. Di maaaring di ako makikipag-usap sa Kanya sa araw-araw. Wala akong nais gawin kundi ang paglingkuran Siya at bigyan ng kaluguran. Merong guwang sa aking puso na tanging Siya lamang ang nakapagpuno nang tanggapin ko Siya nang lubusan. Gaano ka kaseryoso sa iyong pakikipagrelasyon sa Kanya? Nakahanda ka bang bigyan Siya ng prioridad sa buhay bago ang ibang bagay? Maaari mo bang sabihin tulad ni Pablo na *“Hawak Niya ang aking buhay, pagkilos at pagkatao” (Gawa 17:28)*.

Mahal ka ng Diyos at ikaw ay espesyal sa Kanya. Nilikha ka Niya para magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa Kanya. Iyan ang kalooban Niya para sa iyo. Ganito ang ibinubulong Niya sa puso mo araw-araw: “Magandang umaga! Minamahal kita!” Kung di mo pa ito naririnig, maaari bang simulan mong pakinggan ito ngayon at paniwalaan?

Ito ang paglalarawang ginawa ng isa kong kaibigan: Tuwing umaga, bumibisita ang Diyos Ama sa bawat tahanan upang makipagniig sa mga pamilya. Umuupo siya sa silya sa hapag-kainan upang makipagkumustahan sa kanila. Nguni’t di Siya pinapansin ng mga tao at ang sinasabi sa Kanya, mamaya na lamang. At sila’y aalis na. Gayon palagi araw-araw, at ang paulit-ulit na sinasabi, “Pagkatapos ng aking mga gawain, saka tayo mag-uusap.’

Pagkaraan ng maghapon paghihintay, malungkot na lumilisan ang Diyos, dahil ni isa’y walang lumapit at nakipag-usap sa Kanya. Lahat ay abala sa kani-kanilang gawain. Wala silang panahon sa Diyos.



Huwag tayong maging abala sa kung anu-anong bagay. Kung wala kang panahong manalangin at mag-ukol ng oras para sa Diyos, totoo ngang ikaw ay lubhang abala. Kaibigan, mag-ukol ka ng panahong sumamba at magpuri sa Diyos! Kapag lumipas ang lahat ng bagay, walang mananatili kundi ang Diyos lamang. Magkaroon ka ng malalim na relasyon sa Kanya bago mahuli ang lahat. Kamakailan lamang ay pumanaw ang aking ama. Ngunit salamat sa Diyos sapagkat tatlong taon bago siya lumisan, tinanggap niya si Hesus bilang Panginoon. Bagama't tiyak na nasa langit siya ngayon, hindi niya naranasan ang galak na dulot ng matagumpay na pamumuhay kasama ng Diyos. Huwag mong hintayin kung kailan matatapos ang buhay mo saka panghihinayangan ang panahong ginugol sa mga walang kuwentang bagay! Ang oras ay mahalagang regalo ng Diyos, kaya dapat itong gamitin sa tamang paraan.

Minumungkahi ko na maglaan ka ng panahon para namnamin ang pag-ibig ng Diyos. Ang pag-ibig Niya ay nagdudulot ng kapayapaan, kagalakan at kasiglahan sa pamumuhay. Huwag mong pakadibdin ang buhay na ito. Umakto kang parang bata! Pag-aralan mo kung sino ang Dios sa buhay mo at mas kilalanin pa Siya!

*Sinasabi ng 1 Juan 4:16, "Nalalaman natin at pinananaligan ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig. Ang nagpapatuloy na umiibig ay nananatili sa Diyos, at nananatili naman sa kanya ang Diyos."*

Maaaring sa paggising mo sa umaga'y tila ba walang nagmamahal sa iyo, o dili kaya'y walang kasigla-sigla ang pakiramdam mo at ang tanging nais mo'y magsungit sa buong maghapon. Sa halip na manatili sa ganitong kaisipan, maaari mong baligtarin ang sitwasyon: Sa malakas

na tinig sambitin mo ang mga salitang magbibigay ng bagong sigla sa iyo at sa iyong pananampalataya. Sabihin mo nang malakas, “Mahal ako ng Diyos!. Natatangi ako sa Kanyang paningin at mayroon Siyang magandang plano para sa akin!” Kung sasambitin mo ang mga pangako ng Panginoon sa halip na mga problema sa buhay, gaganda ang iyong pananaw at sisigla ang maghapon mo! Nakikinig ang mga Anghel sa Salita ng Diyos at hindi sa mga reklamo mo.

Tingnan mo ang iyong sarili na nalulukuban ng pag-ibig ng Diyos. Sinasabi ng Bibliya na ang pangalan mo ay nakatatak sa palad ng Diyos (Isaias 49:16). Nakikini-kinita ko ang Diyos na nagsasabing, “Tingnan nyo, hindi ba’t sila’y maganda? Sadyang mahal ko sila. Tingnan nyo sila na nakatatak sa Aking palad!” Ang pangalan mong nakatatak sa Kanyang palad ay nagsisilbing paalala na minamahal ka Niya at ninanais Niyang makaniig ka.

Laging magpasalamat sa Diyos at panatilihin ang malalim na relasyon sa Kanya. May mga pagkakataong nais mong bitiwang ang ginagawang trabaho para mag-ukol ng ilang sandali para manalangin, magpasalamat, at sabihin kung gaano Siya kabuti! Sabi ng *I Juan 4:16-17*, “*Ang Diyos ay pag-ibig. Ang nagpapatuloy na umiibig sa Diyos ay nananatili sa Diyos at nananatili naman sa kanya ang Diyos.*”

Yamang alam mo na minamahal ka ng Diyos, ito ang nagbibigay sa iyo ng pagtitiwala sa Kanya at sa Kanyang katapatan. Ang lahat ng mga biyaya’y makakamtan mo sa pamamagitan ng pag-ibig Niya: mas malalim na pananampalataya, katagumpayan sa kasalanan, kapayapaan ng puso at isipan, kagalingan sa karamdaman, kagalakan, at buhay na ganap. Ang lahat ng ito’y masusumpungan mo kung hahayaan mo Siyang kumilos sa buhay mo. Subali’t madalas taliwas dito ang iniisip natin kaya’t di ito napangyayari. Hayaan mong mahal in ka ng Diyos.

Sabi nga ng *1 Juan 4:19*, “*Tayo’y umiibig sapagkat ang Diyos ang unang umibig sa atin.*”

Paano nga ba makipag ugnayan sa Panginoon? Di ko rin alam ang gagawin nuong ako’y nagsisimula pa lamang, dahil di ko alam noon kung gaano Niya ako minamahal. Di ko pa alam kung gaano ang pagnanais Niyang ako’y maging kaibigan at makasama nang palagian.

Humakbang ka nang may pananampalataya. Magsimula ka! Bigyan mo ng puwang ang Diyos sa buhay mo at tuturuan ka Niyang magkaroon ng malalim na relasyon sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Nais Niyang bigyan ka ng kapanatagan sa Kanyang presensiya--- Siya na banal mong tahanan!



# 4



## **PAG-IBIG, PAGTITIWALA AT PANANALIG**

*“Sa mga nakipag-isa kay Cristo Jesus, wala nang halaga ang pagtutuli o di pagtutuli. Ang mahalaga’y ang pananampalatayang nakikita sa gawang udyok ng pag-ibig” - Galacia 5:6*

Marami sa ati’y nagsisikap na magkaroon ng pananampalataya. Alam nating *“hindi kinalulugdan ng Diyos ang hindi nananalig sa Kanya” (Hebreo 11:6)* kaya sinisikap nating lumago ang ating pananampalataya. Nguni’t ang pananampalataya ay nagsisimula sa puso at matatamo lamang ito sa pakikipag-isa sa Diyos at sa pakikinig ng Kanyang Salita. Natatamo ito sa pamamagitan ng kapahayagang mula sa Kanya. Di ko maituturo kung paano manampalataya, ngunit maituturo ko ang katotohanang hatid ng pananampalataya na magdudulot sa iyo at sa akin ng pagkauhaw para makamit ito. Ang pananampalataya ang kawing na nag-uugnay sa iyo at sa Diyos.

Maglaan ka ng panahon sa presensiya ng Diyos at namnamin ang pag-ibig Niya. *“Namumuhay ako ayon sa pananalig sa Diyos, hindi sa mga bagay na nakikita” (2 Corinto 5:7)*. Minsan, habang pinagbubulayan ko ang mga Salitang ito, nangusap ang Panginoon sa aking puso. Sinabi Niyang makapamumuhay lamang ako nang may pananampalataya ayon sa paniniwala ko sa kung anong relasyon meron ako sa Kanya. Kung ang pananaw mo’y hindi ka matuwid sa harap ng Panginoon, huwag mong asahang makapamumuhay ka nang may pananampalataya. Sinasabi sa

*2 Corinto 5:21, "...tayo'y nakipagkaisa kay Kristo at pinaging banal sa harapan ng Diyos sa pamamagitan Niya."* Ang pagiging banal natin ay di naaayon sa ating mabuting ginawa o gagawin, ito'y ayon sa ginawa ng Panginoong Hesus para sa atin. Ang taong patuloy na naniniwalang siya'y maruming basahan sa kabila ng pagpapatawad sa kanya ng Panginoon ay hindi lumalakad sa pananampalataya!

Sinasabi sa *Galacia 5:6, "Ang mahalaga'y ang pananampalatayang nakikita sa gawang udyok ng pag-ibig."* Ito ang paniwala ng karamihan: Sapat na ang pagmamahal sa kapwa para makamit ang lahat ng ninanais mula sa Diyos. Bagama't nais ng Diyos na tayo'y mamuhay nang may pag-ibig, hindi ito sapat hanggat di natin isinusuko ang ating sarili sa Kanyang pag-ibig. Simple lamang: Wala tayong kakayahang ibigay ang bagay na wala naman sa atin. Sa loob ng mahabang panahon, pinilit kong mamuhay na nagmamahal sa kapwa dahil alam kong iyon ang Kanyang ipinag-uutos. Ngunit di ako nagtagumpay, maliban na lamang nang tanggapin ko ang pag-ibig Niyang dalisay – pag-ibig na walang kondisyon! Kaakibat nito, naging mas magaan ang pag-abot ko sa kapwa! Kung alam mo kung gaano ang pag-ibig ng Diyos sa iyo, ganun din ang mga biyayang laan Niya sa buhay mo. Ang kawalan ng pananampalataya ang isa sa mga dahilan kung bakit di natatanggap ng iba ang biyayang laan ng Diyos sa kanila.

Nasa iyo na ang pag-ibig ng Diyos. Sinasabi ng Biblia sa *1 Juan 4:19, "Tayo'y umiibig sapagkat ang Diyos ang unang umibig sa atin."*

Imposibleng mahal in mo ang Diyos kung hindi mo alam na una ka Niyang minahal. Maganda ka sa Kanyang paningin! Kaibig-ibig! Mahalaga! Natatangi! Mahal na mahal ka Niya! Walang sinuman sa mundong ito ang makahihigit sa pag-ibig ng Diyos! At habang nananatili

ka sa pag-ibig na yan, mas higit mong maipahahayag ang iyong pananampalataya at maisasabuhay ang layunin ng Diyos para sa iyo.

Wala ka ng ibang kailangan kundi ang Diyos. Siya ang iyong matalik na kaibigan. Kung wala kang magulang, Siya ang tatayong Nanay at Tatay mo. Siya ang lahat-lahat sa buhay mo. Huwag mong limitahan ang magagawa Niya sa iyong buhay. Hingin mong puspusin ka Niya ng Santong Espiritu (Epeso 3:16,19).

Nais ng Diyos na katagpuin ang lahat na pangangailangan mo pati ang mga naisin mo. Habang nananatili ka sa matuwid na pamumuhay kasama Niya, ibibigay Niya sa iyo ang lahat ayon sa Kanyang takdang panahon at kaparaanan. Sinabi ng Diyos kay Abraham na pagpapalain siya at gagawin siyang pagpapala sa iba. Iyan ang nais gawin ng Diyos sa buhay mo. Paniwalaan mo ang mga pangako ng Diyos. Ito'y para sa iyo!

Sinasabi ng *Epeso 2:8* “*Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay naligtas kayo sa pamamagitan ng inyong pananalig kay Kristo. At ang kaligtasang ito’y kaloob ng Diyos, hindi mula sa inyo.*” Alam mo bang wala kang dapat gawin para matamo ang kaligtasan? Karamihan sa atiy malaki ang kasalanan nang tayo’y maligtas, at ang handog Niyang kaligtasan ay hindi ayon sa mabubuti nating gawa o kakayahang gumawa ng matuwid. Ito’y dahil “*iniibig tayo ng Diyos kaya’t ibinigay Niya ang bugtong Niyang Anak upang sinumang sumampalataya sa Kanya ay maligtas at magkaroon ng buhay na walang hanggan*” (*Juan 3:16*).

Masasabi nating bahagi ng biyaya ng Diyos ang pagnanais Niyang gamitin ang Kanyang kakayahan upang katagpuin ang lahat ng

pangangailangan mo. Gayun din naman kung paanong binigyan ka Niya ng pananampalataya para matamo ang kaligtasan, binigyan ka rin Niya ng pananampalataya na makamit ang mga naisin mo at mga pangangailangan. Marahil nais mong ang iyong mga mahal sa buhay ay makakilala rin at tumanggap kay Kristo. Hindi mo naman mapangyayari sa kanila ang bagay na yan ayon sa iyong kakayahan. Ngunit maaari mo silang ipanalangin at hilingin sa Diyos na kumilos Siya sa kanilang buhay.

Alam nyo bang nagbibigay sa atin ng kabiguan ang mga gawaing makamundo dahil pinipilit nating gawin yung mga bagay na tanging Diyos lamang ang makagagawa? Sinasabi ng Bibliya na *“Kinamumuhian ng Diyos ang palalo, at kinalulugdan Niya ang mababang-loob” (1 Pedro 5:5).*

Kung ang pananampalatayang ipinagkaloob sa iyo ay sapat para maligtas ka sa mga kasalanan, iyan ding pananampalatayang iyan ang kakatagpo sa lahat ng iyong pangangailangan sa habang panahon. Kapag tumibay na ang pundasyon ng pag-ibig ng Diyos sa buhay mo, ito na ang hudyat para lubos kang magtiwala sa Kanya. Makapamumuhay ka na ngayon ayon sa pananalig sa Diyos at di ayon sa iyong nakikita. Diyan mo lalong mauunawaan kung gaano katapat ang Panginoon sa mga pangako Niya sa iyo.

Habang lumalalim ang iyong relasyon sa Panginoon, lumalalim din ang iyong pananampalataya sa Kanya. Makikita mo ang kamanghamanghang pagkilos Niya sa buhay mo. Lahat ng iyan ay nag-uugat sa kapahayagan ng Kanyang pag-ibig. Huwag mong pag-alinlanganan, minamahal ka Niya!



# 5



## **KALAYAAN MULA SA TAKOT**

*“Walang kalakip na takot ang tunay na pag-ibig sapagkat pinapawi ng pag-ibig ang anumang pagkatakot. Hindi pa ganap ang pag-ibig ng sinumang natatakot, sapagkat ang takot ay kaugnay ng parusa” 1Juan 4:18*

May mga sandaling maayos ang ating pananampalataya, at pagtitiwala sa Diyos na tayo’y Kanyang minamahal. Subalit bigla-bigla ay may ginawa ang ating kaaway.

Ang mahihirap na pangyayari sa ating buhay ay sumusubok sa ating pananampalataya. Ito ang sandali na susubukin ang ating pananalig sa pag-ibig ng Diyos.

Tatakutin at uusigin tayo ng kaaway upang ilayo tayo sa Diyos. Nais ng kaaway na pagdudahan natin ang pagmamahal ng Diyos. Gagamitin niya ang mga pagsubok sa buhay upang sabihin sa atin na hindi tayo tunay na minamahal ng Diyos.

Sa panahon ng matinding kahirapan masusubok kung tatalikod o patuloy tayong magtiwala sa Diyos. Ang pagkilos ng Diyos ay kakaiba sa ating pagkilos dahil ang Kanyang plano ay mas mainam at mas dakila kaysa sa atin. Ginagamit ng Diyos ang mahihirap na sitwasyon sa buhay para turuan tayong magtiwala sa Kanya. Kapag may pagsubok sa ating buhay, ideklara natin nang malakas na, “Panginoon, alam kong mahal Mo ako, at ako’y nananalig na ang mga nangyayari sa aking buhay ay pinahihintulutan Mo para sa aking ikabubuti.”

Minsan kung kailan natin iniisip na huli na at wala nang pag-asa ay saka kikiilos ang Diyos. Naaalala ba natin si Lazaro? Siya’y maysakit, subalit hinintay ni Hesus na siya’y mamatay bago Siya pumaroon sa libingan para siya’y buhayin. Sinabi ni Marta na huli na si Hesus, subalit alam Niya kung ano ang dapat na gawin. Maaaring ang oras ng Diyos ay kaiba sa ating oras, subalit hindi Siya kailanman magiging huli. Kapag ikaw ay may problema sa buhay, pamalagiin mo ang iyong panananalig sa Diyos. Huwag mong hayaan na agawin ng takot at kalituhan ang pag-ibig ng Diyos sa iyo.

1Juan 4:18 ay isang magandang talata: *“Ang ganap na pag-ibig ay pumapawi ng takot.”* Lagi kong binubulay-bulay ang talatang ito, hanggang isang araw ay aking naunawaan: ang ganap na pag-ibig ay pumapawi ng takot, at ang Diyos ang may ganap na pag-ibig. Kapag iyong nauunawaan na ganap ang pag-ibig ng Diyos sa iyo, hindi mo hahayaan na ikaw ay maalipin ng takot. Bagaman maaari kang matakot, magpapatuloy ka pa rin sapagkat alam mong kasama mo Diyos.

Hindi ka matatakot sa kabiguan kung alam mong mahal ka ng Diyos. Kung ikaw ay aasa sa iyong sarili ay mabibigo ka subalit kung sa Diyos ka sasandig ay magtatagumpay ka. Maaaring may mga pangyayari na

hindi ayon sa inaasahan mo ngunit malalampasan mo pa rin ang mga iyon dahil sa Panginoon ka nakatingin at umaasa. Kapag alam mo na mahal ka ng Diyos, hindi mo katatakutan ang kabiguan, pag-uusig, kahirapan, ang nakaraan, ang hinaharap, o ang anumang bagay.

Ang pag-ibig ng Diyos ay dakila. Si Hesus na nagligtas sa iyo ay hindi ka hahayaang manatiling bigo. Hindi ka Niya iiwanan. Nais Niya na magkaroon ka ng buhay na kasiya-siya (Juan 10:10) Samantalang si Satanas ay iyong kaaway, sinungaling at magnanakaw.

Matapos na ipaunawa sa akin ng Diyos na ang Kanyang pag-ibig ay pumapawi ng takot, tinuruan Niya akong isabuhay ang katotohanang iyon. Minsan ay nasira ang aming sasakyan at wala kaming pera upang palitan ito ng bago, kaya patuloy naming itong ginamit.

Naramdaman ko ang pagpapalakas ng Diyos nang isang umaga, Kanyang sinabi: “Joyce, mahal in mo ako sa bawat araw at hayaan mong mahal in din kita. Manatili ka sa Aking pagmamahal.”

Dahil diyan, nagawa kong umawit sa Panginoon at naging magaan ang araw na iyon para sa akin. Dahil hinayaan ko ang pagmamahal ng Diyos sa buhay ko, nagawa kong ngumiti sa gitna ng mahirap na sitwasyon. Ang pananatili sa pag-ibig ng Diyos ay nagbubukas ng pintuan ng pananampalataya sa halip na manaig ang takot.

Si Abraham ay puno ng kagalakan dahil sa pananampalataya. Nang sabihin ng Diyos sa kanya na siya’y magkakaroon ng anak. Alam niya na wala nang pag-asa sa natural na kaparaanan na magdalangtao pa si Sarah, subalit nanalig siya sa Diyos, at ang pananalig na iyon ay nag-umapaw sa kagalakan.

Naniniwala ako na kapag ginagawa natin iyon, ang pintuan ay nabubuksan upang ating maranasan ang tulong mula sa Diyos. Sino nga ba ang mag-iisip na tumawa kapag may problema? Sinasabi ng Bibliya na ang Diyos ay nakaupo sa kalangitan at tinatawanan ang Kanyang mga kaaway. Kung ito'y magagawa ng Diyos, magagawa rin natin. Magalak ka dahil sa pananalig mo sa Diyos. Mahal ka ng Diyos at kung ang Diyos ay kasama mo sino ang makalalaban sa iyo?

# 6



## ANG PAG IBIG AY UMAABOT

*“Ito ang utos na ibinigay sa atin ni Cristo: ang umiibig sa Diyos ay dapat ding umibig sa kanyang kapatid” 1 Juan 4:21*

Ikaw ay anak ng Diyos. Sinasabi Niya ito sa iyo sa Deuteronomio 7:6. Kung ikaw ay mamumuhay na gaya ng anak ng Diyos, makatutulong ito sa pagbabago ng mundo. Ikaw ay kakakitaan ng ngiti sa iyong labi, dahil sa isip mo ay alam mong mahal ka ng Diyos at may kaayusan ang buhay mo. Magagawa mong ipadama sa ibang tao ang pag-ibig na nararanasan mo mula sa Diyos. Ang iyong kaligayahan ay makapagpapala sa ibang tao. Ang Mga Awit 100:2 ay nagsasabi na kailangan nating *“paglingkuran ang Panginoon na may kagalakan.”*

Kapag nauunawaan natin kung gaano tayo kahalaga sa Diyos, at sa ating buhay at gawa ay kumbinsido tayo na mahal tayo ng Diyos, magagawa nating ilapit ang mga tao kay Hesus. Dahil dito ang pag-ibig ay mabilis na lalaganap. Ang pag-ibig ng Diyos na sumasaiyo ang magpapaala-ala sa iyo na iwasang saktan ang iyong kapwa. Ang pag-ibig Niya ang magpapalaya sa iyo sa takot, at hindi ka rin matatakot na abutin ang ibang tao sa pamamagitan ng pagmamahal ng Diyos. Hindi ka rin matatakot sa pagtangi ng iba sa iyo o kahit pa ikaw ay kanilang malamangan. Ang pag-ibig ng Diyos ang tutulong sa iyo na makita ang pangangailangan ng kapwa at sila’y tulungan.

Nais ng Diyos na manalig ka nang sabihin Niyang gagawa Siya ng mga dakilang bagay sa pamamagitan ng buhay mo. Nananampalataya ka ba na ikaw ay gagamitin ng Diyos? Ibibigay sa iyo ng Diyos kung ano ang pinananaligan mo o inaasahan mo mula sa Kanya.

Maraming ulit na sinubok ang aking pananampalataya. Kapag ako'y nasa mahihirap na sitwasyon, para bang inuutusan ako ng Diyos na humakbang dahil Siya'y gagawa ng mga dakilang bagay sa buhay ko at sa pamamagitan ng buhay ko. At kapag inihahakbang ko ang aking pananampalataya, kailanman ay hindi ako iniwan o pinabayaan ng Diyos.

Hindi ako dapat mabalisa kahit nasa kalagitnaan ng kabiguan dahil alam ko na mahal ako ng Diyos, at alam Niyang mahal ko rin Siya. Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya ay aking isinuko ang aking buhay sa Kanya. Kung ganito rin ang iyong pananampalataya, tinitiyak ko sa iyong walang suliranin na hindi mo mapagtatagumpayan.

Kung ang tunay mong layunin ay tulungan ang ibang tao, bibigyan ka ng Diyos ng kakayahang ito'y matupad. Hindi mo kinakailangan ang maraming abilidad, ipagamit mo lamang ang iyong buhay sa Diyos at Siya na ang sasagot sa hindi mo makakaya. Maaaring sa tingin mo ay simple lamang ang iyong talento, subalit minsan ang simple ang siyang nagiging kagamit-gamit sa Diyos.

Huwag mong gugulin ang iyong lakas sa pansarili lamang na kapakanan at ambisyon. Sabihin mo sa Diyos ang iyong naisin sa buhay at bibigyan

ka Niya ng kakayahang tulungan ang ibang taong nangangailangan. Kung ano ang mabuting ginagawa mo sa iba ay gagawin din sa iyo ng Diyos. Kung ikaw ay may pangangailangan, pagtuunan mo ng pansin ang pagtanim at hindi ang iyong pangangailangan. Ang pag-abot mo sa mga taong nangangailangan ay ituturing ng Diyos na isang binhi na itinanim mo kung kaya't sa tamang panahon ay makakamit mo rin ang iyong naisin sa buhay.

Bawat tao ay nagnanais na sumagana subalit kailangan nating maunawaan kung ano ang tunay na kasaganaan. Ang tunay na kasaganaan ay ang kakayahan na gamitin ang kakayahan ng Diyos upang katagpuin ang bawat pangangailangan sa buhay mo. Ang pag-ibig ng Diyos ang magbibigay sa iyo ng kakayahan na unahin muna ang pangangailangan ng ibang tao. Ito rin ang tutulong sa iyo na abutin at tangapin kahit na ang mga taong hindi kaibig-ibig o kaaya-aya.

Madaling mahalín ang mga taong nagmamahal din sa iyo, samantalang kailangan natin ang kakayahan mula sa Diyos upang magawang mahalín nang tunay ang mga taong hindi kaibig-ibig. Ang pag-ibig ng Diyos ang magbibigay sa atin ng kakayahan dahil ang pag-ibig Niya ay walang kondisyon na hinahanap. Tumanggap tayo ng libre kaya dapat lamang na magbigay din tayo ng libre. Ang pag-ibig ay hindi lumilipas at hindi nanghihinawa. Ang pag-ibig ay matiyaga, mabuti, at mapagpakumbaba. Hindi ito makasarili at hindi magagalitin. Ang mga katangiang ito ang ibinahagi sa atin ni Hesus sa pamamagitan ng Kanyang pagmamahal kung kaya't maibabahagi rin natin ito sa mga taong hindi pa ligtas at nagnanais na makita ang pagkilos ng Diyos sa sanlibutan.

Mahal ka ng Diyos at mahal Niya ang lahat ng mga tao, maging sila man ay ligtas o hindi, at nais ng Diyos na gamitin ka bilang daluyan ng Kanyang pagmamahal para sa kanila.

Huwag kang matakot na humakbang. Ang pag-ibig ng Diyos ang magpapalaya sa iyo mula sa takot at kahatulan. Binibigyan ka ng Diyos ng kakayahan na magmahal. Maging maalab ka na ibahagi ang pag-ibig ng Diyos sa mga tao sa iyong paligid. Maari mo itong simulan sa pamamagitan ng pagiging mabuting kaibigan nila. Kaibiganin mo ang mga tao at maging pagpapala sa kanila saan ka man pumaroon.

Ang mabuting pakikitungo sa kapwa ay isang paraan upang ipakita ang pagmamahal sa kanila, lalo na sa mga nalulumbay o nanlulupaypay.

Anyayahan mo sila sa isang salo-salo. Kamayan sila na may ngiti. Yakapin sila kung angkop itong gawin. Maari mo silang pasakayin sa iyong sasakyan kung nasiraan sila ng sasakyan. Makipagkilala sa mga bagong empleyado sa iyong kumpayang pinapasukan at alamin kung paano ka makatutulong sa kanila. Ang Diyos ay may nais ipagawa sa iyo para sa kapakanan ng iyong kapwa. Maaring ito'y maliit lamang, subalit ito'y mahalaga sa Kanyang paningin dahil mahalaga sa Kanya ang mga tao.

May mga tao na tanging ikaw lamang ang maaring makatulong. Idalangin mo sa Diyos na ituro sa iyo kung paano mo sila maaabot ng pag-ibig ng Diyos at sa gayon ay matulungan mo sila.



# 7



## **BABAGUHING KA NG PAG-IBIG NG DIYOS**

*1 Juan 4:20 Ito ang pag-ibig: hindi sa inibig natin ang Diyos kundi tayo ang inibig niya at sinugo ang kanyang Anak upang maging handog sa ikapagpapatawad ng ating mga kasalanan.*

Pagbulay-bulayan mo ang pag-ibig ng Diyos sa iyo. Iyon ang magpapababago sa iyong buhay. Ang pag-ibig Niya ay nagbibigay ng kagalakan at kasiyahan. Kung ikaw ay mananatiling bigo dahil sa iyong mga kamalian, hindi nito babaguhin ang iyong buhay. Alalahanin mong ang Diyos ay kumikilos sa iyong buhay dahil sa iyong pananalig sa Kanya, at ang tunay na pananalig ang magbibigay sa iyo ng kapahingahan sa buhay (Hebreo 4).

May mga taong namumuhi sa kanilang sarili. Kung ikaw ay isa sa mga tinutukoy ko, nais kong ipaala-ala sa iyo na maari mong kamuhian ang mga masasamang bagay sa iyong buhay, subalit hindi mo dapat kamuhian ang iyong sarili. Si Hesus ay namatay para sa iyo dahil sa laki ng Kanyang pagmamahal sa iyo. Ang dapat mong gawin ay tanggapin ang Kanyang napakahalagang regalo ng pagmamahal.

Sinasabi ng Bibliya, *“Sapagkat kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya” (Kawikaan 23:7)*. Habang namumuhi ka at masama ang pagturing mo sa iyong sarili, ito ang ikikilos mo sa iyong buhay hanggang malimutan mo kung gaano ka kahalaga sa paningin ng Diyos.

Ang dahilan ay sapagkat hindi mo tunay na nauunawaan ang kapangyarihan ng pag-ibig ng Diyos na nakapagbabago ng buhay.

Nais ng Diyos na maglaan ka ng panahon sa Kanya araw-araw. Iyon ang magpapabago sa iyo. Kung hindi mo uunahin ang Diyos, hindi Niya magagawa ang Kanyang magandang plano sa iyong buhay. Ang pribadong oras na ginugugol sa Diyos, ang mahalín mo Siya at hayaang mahalín ka Niya, ang magbibigay sa iyo ng lakas at tapang sa buhay.

Maraming tao ay nagdadahilan at hindi naglalaan ng panahon para sa matatag na relasyon sa Diyos. Nais nilang magkaroon ng tama at malapít na relasyon sa Diyos subalit ayaw nilang maglaan ng panahon at hindi sila desedido na manalangin at magbasa ng Salita ng Diyos. Maging ang paggawa ng mabuti sa kapwa ay nangangailangan ng disiplina at tamang gawi.

Babaguhin ka ng pag-ibig ng Diyos. Habang nararanasan mo at nauunawaan ang Kanyang pag-ibig, babaguhin din nito ang mga mithiin mo sa buhay. Nanaisin mong maging kawangis ka ni Hesus. Si Pablo ay nagsabing *“siya ay determinadong makilala si Kristo at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay mula sa mga patay” (Filipos 3:10).*

Maging seryoso ka sa iyong relasyon sa Diyos. Maaari kang maging mas malapít sa Diyos subalit ito’y mababatay sa panahon na gugugulin mo para rito.

Ang Bibliya ay nagsasabi na *“tayo ay mga sugo ni Kristo at Siya ay namamanhik sa mundo sa pamamagitan natin” (2 Corinto 5:20).* Ang katotohanang ito ay laging tumitimo sa aking puso at nagpapaalala sa

akin na mahalagang sumunod tayo sa pangunguna ng Espiritu Santo sapagkat Siya'y kumikilos at nagbabago ng ating buhay alinsunod sa layunin ng Diyos. Ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso ng Banal na Espiritu (Roma 5:5). Tanggapin natin ito, masiyahan tayo rito, at hayaan nating baguhin tayo nito.

**Tanggapin / Danasin mo ang Bagong Buhay**



Kung hindi mo pa tinatanggap si Hesus sa iyong buhay bilang Panginoon at Tagapagligtas, inaanyayahan kitang gawin ito ngayon. Maari mong ipanalangin ang panalanging ito, at kung ikaw ay seryoso, mararanasan mo ang bagong buhay kay Kristo:

*Amang Diyos, nananalig ako na si Hesu-Kristo ay Iyong anak na Tagapagligtas ng sanlibutan. Nananalig ako na Siya'y namatay sa krus para sa akin, at binayaran Niya ang lahat kong kasalanan. Siya'y nabuhay mula sa mga patay at dahil doon ay nagtagumpay laban sa kamatayan at libingan. Nananalig ako na si Hesus ay buhay ngayon at Siya'y nakaupo sa kanan ng Ama. Kailangan Kita, Hesus. Patawarin Mo ang aking mga kasalanan, iligtas Mo ako, pumasok Ka sa aking puso. Nais kong ipanganak na muli. Nais kong mabuhay para sa Iyo. Salamat sa pagliligtas Mo at tulong upang akoy mabuhay na bago para sa Iyo.*

Manalig ka ngayon na si Hesus ay pumasok sa iyong puso. Manalig ka na ikaw ay pinatawad sa iyong mga kasalanan, ginawang matuwid sa pamamagitan ng dugo ni Hesus, at ikaw ay pupunta ng langit.

Humanap ka ng tamang iglesya o grupo ng mga mananampalataya na nagtuturo ng Salita ng Diyos, at magsimula kang lumago kay Kristo. Walang magbabago sa buhay mo kung wala kang kaalaman sa Salita ng Diyos. Sinasabi ng *Juan 8:31-32*, "*Kung patuloy kayong susunod sa aking aral, tunay ngang kayo'y mga alagad ko; makikilala ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo.*"

Manghawakan ka sa Salita ng Diyos at hayaan mo itong matanim sa iyong puso, at sang-ayon sa 2 Corinto 3:18, ikaw ay mababago tungo sa pagkawangis kay Kristo dahil sa Salita ng Diyos.

Sumulat ka sa akin at humingi ng libreng babasahin patungkol sa iyong bagong buhay kay Kristo.

Nagmamahal,

Joyce

Isinalin sa Tagalog ni David A. Sobrepeña

**TUNGKOL SA MAY AKDA**

Si Joyce Meyer ay isa sa mga nangunguna at kinikilalang praktikal na guro ng Bibliya sa buong mundo. Tinaguriang *bestselling author* ng New York Times, nakapagpalimbag na siya ng mahigit 100 aklat pang inspirasyon na sarili niyang akda, kasama na rito ang *The Confident Woman, I Dare You*, at ang buong serye ng aklat na *Battlefield of the Mind*. Kasama na rin dito ang kauna-unahang pagsubok niya na sumulat ng aklat base sa kathang isip, at marami pang iba. Bukod dito, nakapagpalabas na siya ng libo-libong *audio teachings* at nakagawa na rin ng kumpletong *video library*. Ang kanyang programa sa radio at telebisyon na “*Enjoying Everyday Life*” ay sinusubaybayan ng maraming tao sa buong mundo. Maraming lugar na ang kanyang narating upang magsagawa ng mga kumperensiya. Siya at ang kanyang asawang si Dave ay may apat na anak na ngayon ay malalaki na. Sila’y nananahan sa St. Louis, Missouri.

**Para makipag-ugnayan sa May-akda,  
Maaaring sumulat sa:**

Joyce Meyer Ministries  
P.O. Box 655  
Fenton, MO 63026  
USA  
(636) 349-0303  
Wwwjoycemeyer.org

Joyce Meyer Ministries – Canada  
P.O. Box 7700  
Vancouver, BC V6B 4E2  
Canada  
(800) 868-1002

Joyce Meyer Ministries – Australia  
Locked Bag 77  
Mansfield Delivery Centre  
Queensland 4122  
Australia  
(07) 3349-1200

Joyce Meyer Ministries – England  
P.O. Box 1549  
Windsor SL4 1GT  
United Kingdom  
01753831102

Joyce Meyer Ministries – South Africa  
P.O. Box 5  
Cape Town 8000  
South Africa  
(27) 21-701-1056

**IBA PANG AKLAT**



**NI JOYCE MEYER**

*100 Ways To Simplify Your Life*

*21 Ways to Finding Peace and Happiness*

*Any Minute*

*Approval Addiction*

*The Battle Belongs to the Lord*

*Battlefield of the Mind \**

*Battlefield of the Mind Devotional*

*Be Anxious for Nothing \**

*Be Healed in Jesus' Name*

*Beauty for Ashes (Revised Edition)*

*Being the Person God Made You to Be*

*Celebration of Simplicity*

*The Confident Woman Devotional*

*Do It Afraid!*

*Do Yourself a Favor... Forgive*

*Don't Dread*

*Eat the Cookie... Buy the Shoes*

*Eight Ways to Keep the Devil Under Your Feet*

*Ending Your Day Right*

*Enjoying Where You Are on the Way to*

*Where You Are Going*

*The Everyday Life Bible*

*Expect a Move of God in Your Life.... Suddenly!*

*Filled with the Spirit*

*“Good Morning, This Is God!”*

*Healing the Brokenhearted*

*Hearing From God Each Morning*

*How To Hear From God \**

*How To Succeed at Being Yourself*

*If Not for the Grace of God*

*In Pursuit of Peace*

*Jesus – Name Above All Names*

*The Joy of Believing Prayer*

*Knowing God Intimately*

*A Leader in the Making*

*Life in the Word Devotional*

*Living Beyond Your Feelings*

*Look Great, Feel Great*

*Love Out Loud Devotional*

*Making Marriage Work (previously published as*

*Help Me – I’m Married!)*

*Managing Your Emotions*

*Me and My Big Mouth! \**

*The Most Important Decision You Will Ever Make*

*Never Lose Heart*

*Peace*

*The Penny*

*The Power of Forgiveness*

*The Power of Determination*

*The Power of Being Positive*

*The Power of Simple Prayer*

*Power Thoughts*

*Prepare to Prosper*

*Reduce Me to Love*

*The Root of Rejection*

*The Secret Power of Speaking God's Word*

*The Secret to True Happiness*

*The Secrets of Spiritual Power*

*Secrets to Exceptional Living*

*Seven Things That Steal Your Joy*

*Start Your New Life Today*

*Starting Your Day Right*

*Straight Talk Omnibus*

*Teenagers Are People Too!*

*Tell Them I Love Them*

*Weary Warriors, Fainting Saints*

*When, God, When?*

*Why, God, Why?*

*Woman to Woman*

*The Word, the Name, the Blood*

**JOYCE MEYER SPANISH TITLES**

*Come la Galleta... Compra Los Zapatos*

*(Eat the Cookie... Buy the Shoes)*

*El Campo de Batalla de la Mente*

*(Battlefield of the Mind)*

*La Revolucion de Amor (The Love Revolution)*

*Las Siete Cosas Que Te Roban el Gazo*

*(Seven Things That Steal Your Joy)*

*Pensamientos de Poder (Power Thoughts)*

**JOYCE MEYER TAGALOG TITLE**

*Ipahayag Mo na Iniibig Ko Sila*

*(Tell Them That I Love Them)*

**BOOKS BY DAVID MEYER**

*Life Lines*

*\*Study guide available for this title*

**TUKLASIN MO ANG HANDOG NG DIYOS SA IYO:**

## **WALANG PAGTATANGING PAG-IBIG**

Bawat butil ng kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos ay maaari mong tanggapin --- ngayon! At hindi ka lamang bahagi ng nakararami. Minamahal ka ng Diyos na parang ikaw lamang ang nag-iisang tao sa mundo. Ang problema nga lamang, tulad ng karamihan, ay maaring di mo ito maunawaan... O kaya naman, ito'y nauunawaan mo, nguni't di naman nadarama ng iyong puso. Ngunit hindi na ngayon. Ipinapakita ng aklat na ito ang sumusunod na makapangyarihang mensahe:

- ❖ Paano kikilalanin ang pag-ibig ng Diyos sa buhay mo
- ❖ Hindi sa iyong kabutihan kaya ka inibig ng Diyos
- ❖ Paano mararanasan ang kamangha-manghang kapahayagan ng pag-ibig ng Diyos
- ❖ Paano matatagpuan ang Diyos sa gitna ng mahihirap na sitwasyon
- ❖ Paanong ang pag-ibig ng Diyos ay makapagpapabago sa iyo magpakaylanman.

Sa pagbabahagi ng kanyang kaalaman, at mga kapahayagan na nagpabago ng kanyang buhay, inilalahad sa inyo ni Joyce Meyer sa pamamagitan ng aklat na ito, ang mga Salita ng Diyos at kawikaang magbubukas ng durungawan para sa pag-ibig ng Diyos.... Na sukat magbigay ningning at liwanag sa inyong personal na buhay.



**TUKLASIN MO ANG HANDOG NG DIYOS SA IYO:  
WALANG PAGTATANGING PAG-IBIG!**

Bawat butil ng kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos ay maaari mong tanggapin --- ngayon! At hindi ka lamang bahagi ng nakararami. Minamahal ka ng Diyos na parang ikaw lamang ang nag-iisang tao sa mundo. Ang problema nga lamang, tulad ng karamihan, ay maaring di mo ito maunawaan... O kaya naman, ito'y nauunawaan mo, nguni't di naman nadarama ng iyong puso. Ngunit hindi na ngayon. Ipinapakita ng aklat na ito ang sumusunod na makapangyarihang mensahe:

- ❖ Paano kikilalanin ang pag-ibig ng Diyos sa buhay mo
- ❖ Hindi sa iyong kabutihan kaya ka inibig ng Diyos
- ❖ Paano mararanasan ang kamangha-manghang kapahayagan ng pag-ibig ng Diyos
- ❖ Paano matatagpuan ang Diyos sa gitna ng mahihirap na sitwasyon
- ❖ Paanong ang pag-ibig ng Diyos ay makapagpapabago sa iyo magpakaylanman.

Sa pagbabahagi ng kanyang kaalaman, at mga kapahayagan na nagpabago ng kanyang buhay, inilalahad sa inyo ni Joyce Meyer sa pamamagitan ng aklat na ito, ang mga Salita ng Diyos at kawikaang magbubukas ng durungawan para sa pag-ibig ng Diyos.... Na sukat magbigay ningning at liwanag sa inyong personal na buhay.